Espesyal na Isyu Hulyo 29, 2006 www.philippinerevolution.org

Mga mayor na punto sa ngipin-sa-ngiping pagbaka sa teroristang digmang iniuutos ng US

Mula sa Tagapangulo ng Komisyong Militar Partido Komunista ng Pilipinas

Iniutos ng US sa rehimeng Arroyo na magsagawa • ng sustenidong pambansang kampanya ng terorismong estado at pamamaslang laban sa armadong rebolusyonaryong kilusan at ligal na demokratikong kilusan sa ngalan ng anti-terorismo. Agad pumayag ang rehimeng Arroyo na isagawa ang kampanya para mapanatili nito ang sarili sa poder, mapanatili ang suporta ng US at pilit na makaangkop sa sosyo-ekonomiko at pampulitikang krisis ng naghaharing sistema. Nailatag na mula 2001 ang pambansang internal na planong panseguridad at inilunsad ito bilang Oplan Bantay Laya mula 2002. Ginawan ito ng adyasment ng Cabinet Oversight Committee on Internal Security bilang Enhanced National Internal Security Plan of 2006 para makapaglunsad ng mas mababangis na atake laban sa mamamayan at mga patriyotiko at progresibong pwersa.

Mayroon lamang 120,000 tropa ang re-• aksyunaryong rehimen sa Armed Forces of the Philippines (AFP) at 115,000 pulis sa Philippine 🙈 National Police (PNP) para kontrolin and 85 milyong populasyon sa 300,000 kilometro kwadradong teritoryo. Mabigat sa itaas ang istruktura ng AFP at mayroon lamang itong 30,000 tropa para magmaniobra at maglunsad ng mga operasyong pangkombat. Ang PNP ay mayroong antas-pambansang special action force at mga regional at provincial mobile group pero pangunahing nakadeploy ang mga ito sa mga syudad at bayan bilang mga lokal na pwersa at tig-walong oras lamang itong nanunungkulan. Maliit ang AFP at PNP kung ikukumpara sa malawak na kanayunan at populasyon ng mga magsasaka, sa pulu-pulong katangian ng Pilipinas, sa pagiral ng mga rebolusyonaryong armadong pwersa ng



at National Democratic Front of the Philippines (NDFP).

Karamihan ng mga tropa ng 3. AFP ay tali sa mga himpilan at pagbibigay-sequridad sa presidente, mga naghaharing pulitiko at mga susing negosyo at instalasyon. Tulad ni Marcos, pinaliligiran ng takot na huwad na presidente ang kanyang sarili ng napakaraming tropa. Sa bawat takdang panahon, ang mga tropang pwedeng gamitin ng Bantay Laya ay maaari lamang magkonsentra sa 300-600 sa halos 42,000 barangay o baryo at sa ilang bahagi lamang ng 12 hanggang 15 sa 128 larangang gerilya ng armadong rebolusyonaryong kilusan. Sa estratehikong punto de bista, lamang ang AFP sa BHB nang 10:1. Pero sa taktikal na usapin, pwedeng lamangan ng BHB ang AFP nang 10:1. Bulag at bingi ang AFP dahil wala itong suporta ng mamamayan. Kaya pwedeng maglunsad ang BHB ng mga sorpresang taktikal na opensibang gerilya (mga ambus, reyd at operasyong pag-aresto) kailanman at saan man nito naisin laban sa mahihinang bahaqi ng kaaway.



Espesyal na Isyu Hulyo 29, 2006

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:

angbayan@yahoo.com

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Pundamental na kahinaan ng • AFP, PNP at iba pang armadong tauhan ng reaksyunaryong estado ang pagiging malulupit na instrumento ng imperyalismong US at ng lokal na mapagsamantalang uri ng malalaking kumprador at panginoong maylupa. Tumatagos hanggang sa militar at pulis ang walang pakundangang korapsyon sa gubverno. Sa kontrol ng Malakanyang, pinatatakbo at binibigyang-proteksyon din ng mga ito ang mga sindikato sa iligal na pasugal, iligal na droga, ismagling at iba pang malalaking organisadong krimen. Nagsisilbi silang tagapagtanggol at tagapagpanatili ng isang di makatarungan, batbat sa krisis at bulok na naghaharing sistema ng pang-aapi at pagsasamantala. Patuloy na lumalala ang sosyo-ekonomiko at pampulitikang krisis ng sistema. Bangkarote ang reaksyunaryong estado. Nalulunod ito sa panlabas at lokal na utang. Nagpapataw ito ng mabigat na pasaning buwis at utang sa mamamayan sa qitna nq depresyon sa ekonomya at mataas na tantos ng disemplevo. Hindi nito maaaring daqdaqan pa ang gastos militar na hindi pinaliliit ang pondo para sa iba pang operasyon ng gubyerno at na hindi ginagatungan ang galit ng mamamayan.

Taliwas na taliwas dito, ang **→** Bagong Hukbong Bayan at ang mga armadong katuwang nito ay lumalaban para sa pambansa at demokratikong mga karapatan ng uring manggagawa at magsasaka at mga panggitnang saray ng lipunan. Instrumento sila ng malawak na masa ng sambayanan, ng demokratikong gubyernong bayan at ng Partido Komunista ng Pilipinas. Nilalayon nilang bigyang-katuparan ang pangunahing nilalaman ng demokrasya sa pamamaqitan ng paglulunsad ng reporma sa lupa upang palayain ang masang magsasaka sa ... ang Bagong Hukbong
Bayan at ang mga
armadong katuwang nito
ay lumalaban para sa
pambansa at
demokratikong mga
karapatan ng uring
manggagawa at
magsasaka at mga
panggitnang saray
ng lipunan.



ekonomya, lipunan at pulitika. Minimithi nila ang pambansang pagunlad sa ekonomya sa pamamagitan ng industriyalisasyong nasa kamay ng mga Pilipino. Itinataguyod nila ang pambansang soberanya at kasarinlan sa mga usaping panloob at pandaigdigan laban sa dayuhang monopolyong kapitalismo.

Ang mararahas na kontradik-O • syon sa hanay ng mga reaksyunaryong uri ay pinalalala pa ng tumitinding sosyo-ekonomiko at pampulitikang krisis. Nahahati ang mga reaksyunaryong uri sa mga nagtatagisang grupong may kanikanyang interes pang-ekonomya at mga grupong pampulitikang matinding nagbabangayan para sa kapangyarihan at kayamanan. Nahahati sa mga paksyon ang mga upisyal militar at pulisya at may kani-kanya silang pinagsisilbihang mga amo sa pulitika bukod sa pinatatakbong sariling mga sindikatong kriminal. Dapat saqpanqin ng mga rebolusyonaryong pwersa ang mararahas na kontradiksyon sa hanay ng mga reaksyunaryo sa iba't ibang antas sa pamamagitan ng pakiki-


pag-alyado sa relatibong mas mahuhusay na mga reaksyunaryo at paghihiwalay, pagpapahina at pagwasak sa pinakasagadsaring mga reaksyunaryong itinuturing na kaaway. Maaaring arestuhin ng BHB ang pinaka-uhaw-sa-dugong mga loyalista ng rehimeng Arroyo sa hanay ng mga bulok na burukrata at mga upisyal militar at pulisya at labanan sila kung sila'v armado o protektado ng mga armadong gwardya at kung ibinibilang ng kinauukulang mga rebolusyonaryong awtoridad sa talaan ng mga armado at mapapanganib na suspetsadong kriminal.

May sapat na lakas pampuliti-ka ang malawak na nagkakaisang prente ng mga ligal na partido oposisyon, ligal na demokratikong kilusang masa at mga upisyal militar at pulisyang anti-Arroyo para patalsikin ang rehimeng Arroyo sa relatibong mapayapaang paraan tulad ng ginawang pagpapatalsik sa mga rehimeng Marcos at Estrada noong 1986 at 2001, at nang hindi nagpaparaya sa kudetang militar o huntang dominado ng militar. Subalit nagagamit pa ng rehimeng Arroyo ang imperyalistang suporta

ng US, ang chain of command ng militar at ang pagbubulag-bulagan ng mayorya ng mga obispong Katoliko at ng karamihan ng mga grupo ng negosyante sa mga krimen ng rehimen para paralisahin ang ilang pwersa sa malawak na nagkakaisang prente at panatilihin ang sarili sa poder. Pero habang tumatagal sa kapangyarihan ang umaalingasaw at nakapagngangalit na rehimeng Arroyo, lalong nagkakapuwang ang armadong rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan para lumakas at sumulong.

Bukas ang NDFP sa muling pagbubukas ng pormal na paguusap sa negosasyong pangkapayapaan at itinuturing nitong mainam at kinakailangan ang pagsasakatuparan ng nagdaang mga kasunduan. Subalit nagmamatigas ang rehimeng Arroyo sa pagsusulong ng patakaran nitong all-out war. Nasa bentahe ng armadong rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan ang pagkakahumaling ng rehimeng Arroyo sa walang patutunguhang patakarang all-out war, pagsasara nito ng lahat ng pinto sa muling pagbubukas ng pormal na usapan sa negosasyon ng GRP at NDFP at pagtatakwil sa The Hague Joint Declaration. Bukas ang NDFP sa posibilidad ng tigil-putukan at alyansa sa isang patriyotiko at demokratikong gubyernong seryoso sa pagsusulong ng kapayapaan at pagsasakatuparan ng mga saligang reporma.

Hinihiling ng mamamayan na O • maglunsad ang BHB ng masinsin at malawakang pakikidigmang gerilya batay na papalapad at papalalim na baseng masa. Maaaring mas madalas na maglunsad ang BHB ng anihilatibo at atritibong mga taktikal na opensiba sa balangkas ng kasalukuyang estratehikong depensiba. Para makaagaw ng mga armas, maaari itong gumamit ng superyor na lakas sa pamamagitan ng paggamit sa elemento ng sorpresa at manlipol at magdisarma ng mahihinang target na kaaway tulad ng maliliit na detatsment ng AFP, mga lokal na pwersa ng pulisya, mga lokal na yunit paramilitar at mga pribadong security quard. Pangunahing prayoridad ang mga anihilatibong aksyon para makaagaw ng mga armas sa kaaway at makapaqbuo ng bagong mga yunit ng BHB. Maaari ring maqlunsad ang BHB ng mga atritibong aksyon laban sa AFP, PNP at iba pang pwersa ng kaaway. Maaari nitong wasakin ang mga instalasyong militar at may kinalaman sa militar, mga sasakyan at iba pang pasilidad upang makapagdulot ng pinsala at mapwersa ang mas maraming tropa ng kaaway na maitalaga sa pagguqwardya. Maaari nitong iharas ang mga tropa ng kaaway sa pamamagitan ng isnayping, mga yunit na aatake at aatras (attack-and-retreat units), mga yunit na kayang umatake, mamuksa o maminsala sa isang iglap sa loob mismo ng mga kampo o pwesto ng kaaway (sapper units), mga rocket-propelled grenade (RPG), mortar at land mine upang makapagdulot ng mga kaswalti, mapigilan ang pagkilos at



mademoralisa ang mga pwersa ng kaaway. Malaki ang magagawa ng ilang kilong eksplosibo o ilang bala sa pagdulot ng mga kaswalti at pagpapahina ng moral ng kaaway.

Naagaw na ng BHB ang ini-9 syatiba sa pakikipaglaban at paggapi sa kaaway. Kailan man nito naisin, maaari nitong gamitin ang mga mayor na taktika ng konsentrasyon, dispersal at paglilipatlipat habang ang bulag at binging mga pwersa ng kaaway ay naglalantad ng sarili at nalilito kung magkokonsentra para salakayin ang kanilang di makita-kitang kaaway o magdidispers para makagalugad sa mas malawak na erya sa bigong pagtatangkang makita ang BHB. Napakaraming taktikang magagamit ang BHB para lipulin ang mga yunit ng kaaway. Kabilang sa mga taktikang ito ang pagbitag at pagakit sa kaaway para pumasok sa kaloob-looban, pag-atake o pag-"kiliti" sa isang detatsment para matambangan ang mga reimporsment na kaaway, paq-atake sa kaaway sa mga lugar na umimpis na ang mga pwersa nito, pagharas sa mga pwersa ng kaaway sa mga lugar na kinakampuhan nila o tuwing nagpapahinga sila, pagbira sa mga eroplanong militar habang mababa ang lipad o nasa lupa ang mga ito at iba pa.

Taliwas sa sinasabi ng rehimeng Arroyo na ngayon lamang ito naglulunsad ng todolargang gera, mula 2001 pa ay inaatake na ng AFP, PNP at mga CAFGU, CVO at death squad nila ang ilang larangang gerilya at pinapatay at dinudukot ang mga di armadong ligal na aktibista. Ang totoo, nilalabanan na ang Oplan Bantay Laya mula 2002, nanyutralisa na ito mula 2004 at nakapaglulunsad na ng kontra-atake laban dito ang BHB sa mga larangang gerilya mula 2005. Gayon na lamang

Naghuhumiyaw ang mamamayan na magawaran ng rebolusyonaryong hustisya ang mga pasimuno at operatibang nagsasagawa ng garapalang paglabag sa karapatang-tao ng mga di armadong aktibista at sibilyang populasyon ng mga larangang gerilya.

ang paghadlang at paggapi ng BHB sa Oplan Bantay Laya sa larangan ng labanan, kung kaya pinatitindi ng mga duwag na pasimuno nito tulad mismo nina Arrovo at ng kanyang Cabinet Oversight Committee on Internal Security, mga heneral tulad nina Palparan, Tolentino at Cabuay at kanilang mga galamay ang mga ekstrahudisyal na pagpaslang, pagdukot at pagtortyur ng mga di armadong ligal na kalaban ng rehimeng Arroyo, Papadalas na nagagapi sa mga anihilatibo at atritibong aksyon ng BHB sa larangan ng labanan ang mga yunit ng AFP at PNP. Kaya ang reaksyon nila ay ang lalo pang pagpapabwelo ng kanilang kriminal na katangian sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga ekstrahudisyal na pagpatay, paqdukot at paqtortyur ng mga di armadong aktibista ng ligal na demokratikong kilusan, kabilang ang daan-daang lider ng mga grupong party list, aktibista ng mga organisasyong masa, tagapagtaguyod ng karapatang-tao, abugado, pari at pastor, mamamahayaq at iba pa.

Kasabay nito, habang ikinokonsentra natin ang ating mga taktikal na opensiba at operasyong pamarusa sa mga susing loyalista at pasistang upisyal ng rehimeng Arroyo at armadong pwersa nito na responsable sa mga karumal-dumal na krimen laban sa mamamayan, bukas tayo sa pakikipag-tigil-putukan, alyansa at pakikipagtulungan sa mga pwersang anti-Arroyo sa militar, pulisya at mga pwersang paramilitar.

11. Walang pakundangang isinasagawa ng mga operatiba ng rehimeng Arroyong ang duwaq na mga ekstrahudisyal na pamamaslang at pagdukot. Dapat piliin mula sa mga umiiral na platung pangkombat ng BHB ang mga armadong partisanong magsasagawa ng mga kontra-atake laban sa mga pasimuno at operatiba ng makinarya sa pamamaslang ng rehimeng Arroyo. Dapat bihasa ang naturang mga partisano sa mga lugar na paqlulunsaran ng mga espesyal na operasyon. Karuwagan ang pagpatay ng rehimeng Arroyo sa mga di armadong kalaban nito sa ligal na larangan pero mas malaking karuwagan ang paggamit nito ng intriga at pagbubunton ng sisi sa mga rebolusyonaryong pwersa para sa mga krimeng ito. Maaaring ilantad at kundenahin ng mga kamaganak, kaibigan, organisasyon at simbahan ng mga biktima at ng mga lokal at pandaigdigang organisasyong pangkarapatang-tao ang mga ahenteng militar at pulisya ng rehimen bilang responsable sa gayong mga krimen. Pero ang pinakamainam na paraan ng pagtugon sa madugong pang-iintriga ng rehimen ay ang paglulunsad ng Bagong Hukbong Bayan ng maririin at matutunog na bira sa mga pasimuno at operatiba ng Bantay Laya, mula sa antas ng Cabinet Oversight Committee on Internal Security hanggang sa antas ng mga death squad.

12. Naghuhumiyaw ang mamamayan na magawaran ng rebolusyonaryong hustisya ang mga pasimuno at operatibang nagsasagawa ng garapalang paglabag sa karapatang-tao ng mga di armadong aktibista at sibilyang populasyon ng mga larangang gerilya. Dapat matatag at masiglang kumilos ang PKP, ang demokratikong gubyernong bayan, ang hukbong bayan at ang mga organisasyong masa para maigawad ang rebolusyonaryong hustisya. Dapat mapabilang sa mga tugon ang pagpapatindi ng digmang bayan, ang pambansa at pandaigdigang paglalantad sa mga paglabag sa karapatang-tao at ang pagtatalaga ng mga espesyal na tim para manmanan at arestuhin o labanan ang mga pasimuno at operatiba ng Oplan Bantay Laya.

13 Sa direksyon ng Partido, maaaring pagmulan ng gayong mga espesyal na tim ang mga platung pangkombat ng BHB sa antas ng larangang gerilya at pamprubinsya at rehiyunal na kumand habang tuluy-tuloy na binubuo ang mga yunit ng mga armadong partisano sa kalunsuran. Dapat ding pagsikapang rekrutin sa armadong rebolusyonaryong kilusan at bigyan ng pulitiko-militar na pagsasanay ang mga nakaligtas na biktima, mga kamag-anak, kaibigan, katrabaho o kasama ng mga martir. Sila ang may pinakamalaking pagnanais na magpatupad ng rebolusyonaryong hustisya sa kagyat at sa pangmatagalan, kahit matapos mawala sa poder ang mga pasistang pasimuno at operatiba. Sa pinakaminimum, sila sa kasalukuyan ay mahuhusay na pagmumulan ng kapaki-pakinabang na impormasyon laban sa kaaway.

 $14_{\bullet \text{ pakikibaka ay dapat maging bukas sa mga ligal na pwer-}}^{\text{Ang larangan ng ligal na}}$

sang oposisyon, anuman ang kanilang oryentasyong pampulitika. Dapat silang lumaban sa paraang ligal at pulitikal para magkaroon ng puwang sa gayong larangan. Subalit plano ng rehimeng Arroyo na wasakin at ideklarang iligal ang mga partidong itinuturing nitong Kaliwa. Habang bumubwelo ang pasistang pakana ng rehimeng Arroyo, dapat pabilisin ng BHB ang mga pagsisikap nitong hikayatin ang mga ligal na aktibista na paunlarin ang kilusang lihim at lumahok sa armadong pakikibaka, bigyan sila ng pulitiko-militar na pagsasanay at parusahan ang mga pasista habang ang mga ito'y nasa kanilang mga lungga sa kalunsuran o habang gumagala sa mga prubinsya. Pinakamatingkad ang pisikal na bulnerabilidad ng mga pasistang ito kapag naglulunsad sila ng mga kampanyang elektoral at iba pang mapanlinlang na kampanya at gumagamit ng mga kalsada at pampublikong lugar. Habang hinahangad ng rehimeng Arroyo na wasakin at gawing iligal ang mga patriyotiko at progresibong partido, lubos na makatarungan para sa BHB na ituon ang mga baril nito sa mga kaaway na pulitiko at kanilang mga armadong galamay na naglulunsad ng armadong kontra-rebolusyon.

15 Tulad ng panahong 1969-1972 sa ilalim ng rehimeng Marcos, may malilinaw na senyales na binabalak ng rehimeng Arroyo na puksain ang ligal na demokratikong kilusan at monopolisahin ang kapangyarihang pampulitika sa kalunsuran. Kaya dapat magpaunlad ang mga rebolusyonaryong pwersa ng malakas na kilusang lihim sa lahat ng lugar at maghanda para sa mga taktikal na opensiba kapwa sa kanayunan at kalunsuran. Dapat sanayin ang mga yunit para sa mga espesyal na operasyong magpapahina sa rehimen sa ekonomya at pulitika at maggagawad ng hustisya sa pinaka-uhawsa-duqong mga upisyal sa pinakamatataas na antas. Posibleng ibwelta sa rehimeng Arroyo ang sarili nitong patakarang todo-largera sa pamamagitan ng mga aksyong magpapamalas sa moral at pinansyal na pagkabangkarote nito at kainutilan nitong mamuno at protektahan ang mga puhunan ng mga imperyalista at malalaking kumprador-panginoong maylupa.

16. Nakapagpreserba ng lakas at nakapagpalawak sa pambansang antas ang demokratikong qubyernong bayan, mga sangay ng Partido sa lokalidad, mga organisasyong masa at Bagong Hukbong Bayan kasama ng milisyang bayan at mga yunit pandepensa sa mga larangang qerilya sa pamamagitan ng puspusang gawaing masa at pakikidigma. Ang kaaway ay maaaring paduguin nang husto ng daan-daang platun ng BHB na maaaring maglunsad ng mga taktikal na opensiba sa buong bansa. Madali para sa kanilang sumalakay at umatras at umiwas sa mga mapagpasyang labanan sa mga superyor na pwersa ng kaaway. Sa kasalukuyan, ang BHB sa pamumuno ng PKP ay determinadong paramihin ang mga platun bilang yunit pang-atake ng mga kumand sa mga larangang gerilya, prubinsyal at rehiyunal na yunit. Madaling magtipun-tipon ang mga platung ito o sumanib sa mga lokal na iskwad gerilya at yunit milisya para maglunsad ng mas malalaking opensiba.

Dapat sanayin ang mga yunit para sa mga espesyal na operasyong magpapahina sa rehimen sa ekonomya at pulitika at maggagawad ng hustisya sa pinaka-uhaw-sa-dugong mga upisyal pinakamatataas na antas.